



Ilarawan ang Community of Interest Mo

Ano ang Muling Pagdidistrito?

Sa bawat sampung taon, muling iguguhit ang mga electoral district sa buong U.S. para balansehin ang mga populasyon ng distrito. Ang prosesong ito ay tinatawag na redistricting. Mahalagang tiyaking kumakatawan ang bawat Supervisor sa humigit-kumulang parehong bilang ng mga botante.

Ano ang Community of Interest?


Ang Community of Interest ay grupo ng mga taong may pagkakapareho o magkatulad na interes. Isa itong malaking populasyong dapat ilagay sa iisang distrito para sa mga layunin ng mahusay at patas na representasyon. Hindi kasama sa Communities of Interest ang mga ugnayan sa mga pulitikal na partido, kasalukuyang nanunungkulan, o kandidato.

Mga Halimbawa ng Communities of Interest:

- Mga senior citizen
- Mga taong gumagamit ng parehong pampublikong transportasyon
- Mga kasalukuyang imigrante mula sa iisang bansa / rehiyon
- Mga taong nakatira sa industrial area, probinsya, o lungsod
- Mga komunidad ng LGBTQ+
- Mga taong gumagamit ng parehong mga parke at lugar para sa paglilibang
- Mga residenteng may iisang wika o kultura

Paano mo maibabahagi sa County ang tungkol sa Community of Interest mo?

- Sa isang pampublikong pagdinig o workshop sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong komento. Bisitahin ang website para sa iskedyul ng mga paparating na event: <https://SmcDistrictLines.org/schedule/>
- Online:
 - Magsumite ng iminumungkahing mapa ng distrito sa pamamagitan ng paggamit sa mga tool sa mapping na available dito: <https://SmcDistrictLines.org/draw-a-map>
 - Sagutin ang survey sa web sa Community of Interest: <https://SmcDistrictLines.org/COI>
 - Magsumite ng pampublikong komento sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa: DistrictLines@smcgov.org
 - Mag-post sa social media (Facebook o Twitter) gamit ang hashtag na #SmcDistrictLines
- Papel:
 - Gumuhit ng mapa at/o Sagutin ang Survey sa Community of Interest at isumite:
 - Sa pamamagitan ng email sa DistrictLines@smcgov.org
 - Sa pamamagitan ng mail/paghulog sa: County Manager's Office
Attn: Redistricting
400 County Center, 1st Floor
Redwood City, CA 94063



Bakit dapat akong lumahok?

- Para bigyan ng boses ang komunidad mo at tiyaking may patas itong access sa proseso sa pulitika.
- Para makatulong na buuin ang plano sa redistricting na nagbibigay sa mga komunidad ng isang makabuluhang pagkakataong maghalal ng mga kandidatong kumakatawan sa kanilang mga interes sa mga isyung mahalaga sa kanila.
- **Tandaang ikaw ang nakakakilala sa komunidad mo at gustong marinig ng County ang opinyon mo!**





Survey sa Community of Interest

Pangalan ng Komunidad: _____

Gamitin ang parehong Pangalan ng Komunidad kung magsusumite ka ng mapa online sa <https://SmcDistrictLines.org/draw-a-map>



1. Ano ang Community of Interest mo?

Ilarawan ang magkakatulad na kultura, interes, aktibidad, negosyo, o iba pang pagkakapareho ng komunidad mo.

2. Nasaan ang Community of Interest mo?

Ipalawanag ang mga heyograpikal na hangganan ng community of interest mo. Ano ang mga pisikal na hangganan? Maglagay ng anumang pangunahing landmark gaya ng mga parke, pasilidad ng county, paaralan, simbahan, o iba pang hangganan.

3. Paano Naaapektuhan ang Community of Interest mo?

Ilarawan kung paano naaapektuhan ang komunidad mo ng mga pagpapasya sa patakaran na ginagawa ng Lupon ng mga Tagapangasiwa. (Kasama sa mga serbisyo ng County ang pabahay, pangangalagang pangkalusugan, mga halalan, mga parke at libangan, kapakanan ng bata, at mga pampublikong benepisyo).

Opsyonal na Impormasyon:

Pangalan: _____ Email: _____

Markahan ang distrito kung saan ka nakatira: Distrito 1 Distrito 2 Distrito 3 Distrito 4 Distrito 5

Kung hindi ka sigurado, hanapin ang distrito mo sa: <https://bos.smcgov.org>

Puwede ka ba naming makaugnayan tungkol sa karagdagang impormasyon sa redistricting? Oo Hindi

